TAGALOG

Abril 15, 2008

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Natutuwa akong ipaalam ang isang pagkakataon para sa inyong anak na makatanggap ng karagdagang tulong pang-akademiko sa panahon ng 2008 Semestre sa Tag-init sa Pampublikong Paaralan ng Seattle. Ayon sa pinagsamang mga pagsusuri at input ng mga kawani, ang inyong anak ay karapat-dapat at iniimbitahan na sumali sa Summer School Program ngayong tag-init.

Iskedyul

Ang programa ay tatakbo mula Hunyo 25 hanggang Hulyo 31, 2008 (may pahinga para sa Araw ng Kalayaan ika-3 o 4 ng Hulyo). Ang mga klase ay gaganapin mula Lunes hanggang Biyernes linggo-linggo at naka-pokus sa kakayahang magbasa at magsulat at matematika para sa mga mag-aaral na nasa ika-2, ika-3, ika-5 grado sa panahon ng 07-08 taon ng pasok. Bibigyan ng pansin na mapaunlad ang mga kakayahan na kinakailangan para makamit ang mga pamantayan ng estado. Walang bayad ang programa, at hinihimok namin kayo na huwag palampasin ang pagkakataon na ito.

Ang almusal ay mula 8:30 nu hanggang 8:55 nu. Ang klase ay magsisimula ng 9:00 nu. Ang tanghalian ay mula 12:00 hanggang 12:30 n.h.. Ang mga mag-aaral ay pauuwiin ng 12:30.

Transportasyon

Ang mga klase ay naka-iskedyul sa maraming lugar sa buong distrito. Ang mga mag-aaral ay itatala sa lugar na malapit sa tirahan sa araw ng tag-init. Ang mga dilaw na bus ang susundo sa mga mag-aral na nakatira sa labas ng nakatalagang hangganan ng paglalakad sa paaralan. Kung ang inyong anak ay mayroong transportasyon, kayo ay tatanggap ng sulat mula sa transportasyon sa huling araw ng Hunyo. Ang mga bus ay susundo sa mga mag-aaral sa kalapit na himpilan at ibabalik din doon sa hapon. Walang serbisyo sa harap ng bahay maliban kung kinakailangan ng departamento ng Transportasyon.

Kung kayo ay interesado sa pagkakataong ito, paki-punan ang kalakip na pormularyo ng impormasyon ng matatawagan. Siguraduhin na ang tirahan na nakalista ay ang tirahan na gagamitin sa tag-init. Ibalik ito sa paaralan ng inyong anak ng hindi lalampas sa ika-16 ng Mayo, 2008. Ang espasyo ay limitado para sa programa ng pagpasok sa tag-init, kaya dapat na ibalik kaagad ang kalakip na pormularyo

Ng Buong puso,

Glenda L. Morgan
Summer School Manager

SUMMER SCHOOL OFFICE
John Stanford Center for Educational Excellence * 2445 3rd Avenue South * 98134 * www.seattleschools.org
Mailing Address: MS 32 – 159 * PO BOX 34165 * Seattle, WA * 98124 – 1165 * Tel: 206.252.0061 * Fax: 206.252.0141